Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Pebrero 10, 2026
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Pinagmumulta ng Distrito ng Hangin ang BoDean ng $1.28 milyon para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

**SAN FRANCISCO** – Pinagmulta ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang BoDean Company, Inc. ng $1.28 milyon para sa siyam na paglabag sa kalidad ng hangin sa mga pasilidad sa Santa Rosa at Windsor ng kompanya ng mga materyales sa konstruksyon.

May mga paglabag na naganap sa pagitan ng 2021 at 2025, kabilang ang malalaking hindi awtorisadong pagpapatakbo ng mga kagamitan para sa rubberized na aspalto mula Agosto hanggang Setyembre 2022. Ang mga paglabag na ito ay nagdulot ng matagalan at matinding amoy na nakaapekto sa mga kalapit na komunidad sa loob ng ilang linggo at nagdulot ng nakikitang itim na usok mula sa mga kagamitan ng pasilidad, na lumalabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin at lumilikha ng mga kondisyon na lubhang nakagambala sa pang-araw-araw na buhay ng mga residente.

“May mga tuntunin sa kalidad ng hangin na umiiral upang maiwasan ang pinsala sa publiko, at naaangkop ang mga ito sa lahat ng tao,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Nilinaw ng parusang ito na ang mga paglabag ay may mga kahihinatnan at inaasahan ang mga pasilidad na palaging sumunod sa mga ipinag-aatas kaugnay ng kalidad ng hangin.”

Ang parusang ito ay lumulutas sa lahat ng siyam na paglabag, at mula noon ay sumusunod na ang mga pasilidad ng BoDean.

Ang mga pondong multa na kinokolekta sa pamamagitan ng aksiyon sa pagpapatupad na ito ay ilalaan alinsunod sa Patakaran sa Mga Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin, na sumusuporta sa mga lokal at rehiyonal na proyekto na nagpapabuti sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ang panrehiyong ahensiya na responsable sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Air District Homepage | News Releases*